# Ipakita at Ikuwento



Naiwala ko ang jacket ng kapatid ko nang maglakad-lakad ang pamilya ko. Ipinagdasal namin na tulungan kami ng Ama sa Langit na mahanap ito. Nadama namin na dapat naming balikan ang nilakaran namin. Nakita namin ang jacket niya! Ipinatanto nito sa akin na lahat ng bagay sa buhay ko ay mahalaga sa Ama sa Langit at lagi Siyang handang tulungan ako.

**Timothy M., edad 8, Kyiv Oblast, Ukraine**



Ang Mga Saligan ng Pananampalataya ay naghihikayat sa akin na maging mas mabuting bata, at sinisikap kong gawin ang tama para maging mabuting missionary.

**Jonathan M., edad 11, Sololá, Guatemala**



Natututuhan ng mga batang Primary na ito sa **Cebu, Philippines,** na kapag pinalalakas nila ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo, sumusulong sila sa landas ng tipan.



Nakinig kami sa talinghaga ni Jesus tungkol sa manghahasik at pagkatapos ay nagtanim kami ng mga binhi ng sunflower. Hindi gaanong mainit o maaraw sa tinitirhan namin, kaya natuwa kami nang umusbong ang mga binhi sa lupa. Tumaas nang tumaas ang mga halaman hanggang sa mamulaklak ang mga ito, tulad ng mga binhi sa kuwento ni Jesus!

**Magnus K., Islay S., Louis S., Sylvie K., Greta K., at Sibyl S., edad 7, 9, 6, 1, 5, at 4, Renfrewshire, Scotland**




**Samuel S., edad 11, Minas Gerais, Brazil**

BACKGROUND MULA SA GETTY IMAGES